**LUMAPIT KAY HESUS**
Original Composition of Ptr. Ruel Buyacao

**Verse 1:**
Ikaw ba ay nababagot sa buhay mo na kay lungkot
Marami kang katanungan ‘di malaman ang sagot
Ikaw ba ay nalulumbay ang buhay mo’y walang saysay
Sa bigat ng iyong problema tila wala nang pag-asa

**Chorus 1:**
Lumapit ka kay Hesus, Siya sa iyo’y naghihintay
Ang bigatin mo sa buhay sa Kanya mo ay ibigay
Manalig ka sa Kanya ang buhay mo ay ialay
At iyong mararanasan tunay na kapayapaan

**Verse 2:**
Ang pag-ibig ni Hesus sa atin ay sadyang lubos
Kahit tayo’y makasalanan buhay Niya’y inilaan
At sino mang mananawagan sa banal Niyang pangalan
Makakamit ang kaligtasan, buhay na walang hanggan

**Chorus 2:**
Tumawag ka kay Hesus at manalig nang lubos
At iyong makakamtan kapayapaan na inaasam
Siya ang iyong kailangan isang tapat na kaibigan
‘Di ka Niya pababayaan pag-ibig Niya’y walang hanggan
**{Repeat Verse 2, Chorus 1 and Chorus 2}**

**Ending:**
‘Di ka Niya pababayaan, pag-ibig Niya’y walang hanggan
At iyong mararanasan tunay na kapayapaa